

Pangkalahatang Tanaw

Sa Hong Kong, ang karaniwang pananaw sa mga taong may kapansanan (mga PWD) ay nananatiling isang dimensiyon. Marami ang nagwawalang-bahala sa mga kakayahan at kapabilidad ng grupong ito. Bilang resulta, maraming mga PWD ay naiitsapuwa at nawawalan ng mga oportunidad sa lipunan.

Depinisyon ng mga Tao na may mga Kapansanan

Binibigyang kahulugan ng Pamahalaan ang mga PWD tulad ng mga sumusunod kapag nagkokolekta ng estadistika:

- Yaong mga kinikilala ang sarili na nahihirapan sa paggalaw ng bahagi ng katawan, sa paningin, pandinig at pananalita sa loob ng yugto ng anim na buwan o higit pa;
- Yaong mga nadiagnose ng mga kuwalipikadong kawani sa kalusugan bilang may karamdaman sa pag-iisip/kapansanan sa timpla ng pag-uugali, autismo, mga espesipikong kahirapan sa pagkatuto at kapansanan sa kakulangan ng pansin/labís na aktibo.


Ang depinisyon ng kapansanan ay mas malawak sa ilalim ng Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kapansanan (DDO), at maaari nitong isama ang:

- ganap o bahagyang pagkawala ng mga paggana ng bahagi ng katawan o pag-iisip ng isang tao;
- ganap o bahagyang pagkawala ng isang bahagi ng katawan;
- ang presensiya ng mga organismo na nagdudulot ng sakit o karamdaman (tulad ng HIV);
- ang hindi wastong paggana, wastong pagbuo o pagkasira ng isang bahagi ng katawan ng tao; o
- isang diperensiya, sakit o karamdaman na nakaaapekto sa pananaw ng tao sa reyalidad, mga emosyon o paghatol o na nagreresulta sa magulong ugali at mga kahirapan sa pagkatuto.

Demograpiko

- Noong 2013, may halos 578,600 taong may mga kapansanan sa Hong Kong o 8.1% ng kabuuang populasyon. Ang pigura ay 60% na mas mataas kaysa sa bilang noong 2007.
- Ang kabuuang bilang ng mga tao na may intelektuwal na kapansanan ay tinatayang nasa 71,000 hanggang 101,000, o 1% hanggang 1.4% ng kabuuang populasyon.
- Mahigit 60% ng mga PWD ay nasa edad 60 o pataas.
- May mas maraming kababaihan (56.8%) na may mga kapansanan kaysa mga kalalakihan (43.2%).

5 pinakakaraniwang uri ng mga kapansanan



Ekonomikong aktibidad


- Ang proporsyon ng mga PWD na ekonomikong aktibo ay malayong mas mababa kaysa sa parehong pigura sa pangkalahatang populasyon. Sa mga PWD na nasa edad ng pagtatrabaho (18 – 64), 39% lamang ay ekonomikong aktibo, kumpara sa 72% sa pangkalahatang populasyon. Ang antas ng kawalan ng trabaho sa mga PWD ay doble rin sa pangkalahatang antas.
- Sa mga nagtatrabaho, 73% ng mga PWD ay nagtatrabaho sa mga trabahong mas mababang kasanayan, na halos 13% na mas mataas kaysa pangkalahatang antas.
- Ang karaniwang kita sa trabaho sa isang buwan ng mga PWD ay 27% na mas mababa kaysa pangkalahatang populasyon noong 2013.
- Mula sa 322 na reklamo sa ilalim ng Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kapansanan na hinawakan ng EOC noong 2015/16, 68% ay may kaugnayan sa trabaho.
- Noong 2013, ang antas ng kahirapan pagkatapos ng ilang ulit na pagbibigay ng pera para sa panggastos sa bahay na may mga miyembro na may mga kapansanan ay 29.5%, doble ang pigura sa pangkalahatang populasyon.

(Batis: Ulat sa Sitwasyon ng Kahirapan sa Hong Kong ukol sa Kapansanan ng 2013)

Edukasyon

- Ang nakamit sa edukasyon ng mga taong may mga kapansanan ay kapansin-pansing mas mababa kaysa pangkalahatang populasyon.
- Hindi isinasama ang mga taong may intelektuwal na kapansanan, 7.6% lamang ng mga PWD ay nagtamo ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya noong 2013, kumpara sa 25% ng pangkalahatang populasyon na nagtamo ng tersiyaryong edukasyon.
- Isang quarter ng mga PWD, hindi isinasama ang mga may intelektuwal na kapansanan, ang hindi nakapag-aral o walang edukasyon sa pre-primary.

Nakamit sa edukasyon ng mga PWD



(Blg. 62 ng Ulat sa mga Espesyal na Paksa, Mga Tao na May mga Kapansanan at Malalang Sakit, Kagawaran ng Senso at Estadistika)

Ipinanukalang pagsusog sa Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kapansanan

Upang palakasin ang proteksiyon ng mga PWD, inirekomenda ng EOC sa Pamahalaan na susugan ang DDO sa Pagrepaso sa Batas ng Diskriminasyon. Kasama sa mga rekomendasyon ang:

1. Ginagawa nitong legal na pangangailangan ang paglalaan ng makatuwirang akomodasyon para sa mga PWD sa mga larangan na saklaw ng paggawa ng batas;
2. Pagprotekta sa mga indibidwal na sinasamahan ng isang katuwang na hayop mula sa diskriminasyon.